**Sinulid at Buhay**

Bilang isang batang Lumbeño, kinalakihan ko nang makakita ng mga burdahan sa iba't ibang sulok ng Lumban, ang kapital ng pagbuburda sa Pilipinas. Isa na rin sa mga kuwento ng aking ina at mga tiyahin ang tungkol sa pagkabata nila, kung saan sinulid at karayom ang kanilang naging pangkabuhayan at nakapagpatapos ng ilan sa kanila sa pag-aaral. Hanggang sa panahon ngayon, kabuhayan pa rin ito ng ilan kong kamag-anak–ang pagtatahi gamit ang mga kamay. Nang maitanong ko kay Mommy kung bakit hindi na lamang makina ang gamitin nila sa pagbuburda para mas mabilis, agad niya lang akong sinagot ng *"Hindi kasi kasingganda ng tahing makina ang tahing kamay."*

Naranasan ko lamang manahi noong Grade 7 ako sa aking proyekto para sa Technology and Livelihood Education (TLE) subject namin. Kahit na taga-Lumban ako, hindi kasinghusay ng mga kamay ko ang mga kamay ng mga mananahi kong tiyahin. Noon, hindi ko lubos maisip kung sinong tao ang gugustuhing manahi ng ganoon; ilang sugat at kalyo na ang natamo ko mula sa karayom na hawak ko. Ilang linggo kong tinrabaho ang proyekto ko gamit ang pinakamaliit na *embroidery hoop* sa tindahan, maliit na retaso ng telang *Piña*, at halu-halong *sewing kit*.

Dumating na sa punto noon na nakiusap na ako sa Mommy ko na ipagtahi niya ako, pero hindi niya ginawa. Bumigay lamang siya nang naluluha kong sabihin na hindi ko talaga maintindihan kung paano gawin ang tahing *Calado*–ang unang beses na desperado akong humingi ng tulong para sa aking pag-aaral. Dahil *Sara* lamang ang kayang gawin ng aking ina, ang tiyahin ko pa ang tumapos sa proyekto ko na naturingang isa sa pinakamagandang gawa sa aming klase.

Subalit hindi ko pa lubos na naunawaan ang tunay na diwa ng mga yaring-kamay hanggang sa magsimula akong magkonsumo ng mga obra ng iba't ibang mga artista at lumikha

ng aking sariling mga piyesa.

Nang magsimula ang pandemya hanggang sa matapos ito, mahigpit ang kapit ko sa sari-saring midya. Mula sa mga libro at iba pang komiks na nasa lenggwaheng hindi ko sinasalita hanggang sa mga *anime* at mga kantang hindi ko lubos maintindihan, palagi akong mayroong pinanghahawakang libangan sa bawat araw. Dahil din sa mga obrang ito ng mga maestro ay nagsimula rin akong maggalugad sa aking mga talento; ipinagpatuloy ko ang pagsusulat ng mga kathang-isip at nahanap ang genre na para sa akin. Nagsimula akong gumuhit at magpinta–bagay na kinamumuhian ko noong ako ay bata pa, sapagkat noon ay nasa *Math* at *Science* pa ang interes ko. Ngunit heto ako ngayon; humanista't artista.

Noong Grade 10 ko pa lamang nadiskubre ang paggamit ng *Artificial Intelligence* (AI) para sa mga takdang aralin na iniatas sa amin. Bilang estudyante na mahilig itulak sa isang tabi ang mga gawain, hindi ko ikakailang natuwa ako sa aking natunghayan. Mas mabilis ko nang nagawa ang aking mga sanaysay sa Ingles sapagkat hindi hinahayaan ng AI na maubos ang mga salita sa dulo ng daliri ko. Noon, tinanong ko ang sarili ko kung tama ba ang ginagawa ko. Katwiran ko, *"Akin naman 'yong ideya."*

Nakakahinga ako nang maluwag tuwing ipinapasa ko ang mga gawain ko sa paaralan, subalit hindi ko iyon nagawa sa ilang sanaysay na ipinasa ko noong linggo na iyon. May parte sa akin na dinadala ang bigat ng konsensiya ko. Sa sumunod na mga buwan matapos noon, sumikat ang AI art. Sumunod ang AI-generated music. Hanggang sa nagkakalituhan na ang mga *netizens* kung alin ang likhang-tao at kung alin ang likha ng makina sa iba't ibang larangan.

Noon ko lang napagtanto na kung gaano kabilis maghandog ng malalalim na salita ang AI, ganoon din kabilis nitong mapapalitan ang mga manunulat sa industriya, pati na rin ang iba pang mga haligi ng sining.

Sa tagal ng pamamalagi ko sa Internet, isa sa maraming metaporang dumikit sa akin ang ideya na ang mga anghel ay makina. Nagsimula ang ideya na ito sa magkaparehong ugat ng dalawa–na ang tanging ibig sabihin ng kanilang mga buhay ay ang dikta ng kanilang mga "diyos". Hindi mabubuhay ang isang anghel nang hindi ito inuutusan ng Panginoon, gayundin ang makina kung walang set ng *commands* na nakaprograma galing sa lumikha rito. Kung gagalaw ang dalawa nang hindi naaayon sa kautusan, pareho silang magiging tila kontrabida sa isang nobela–ang isa ay mabibigyang parusa gaya ni Satanas at ang isa ay kalaban ng sangkatauhan bilang isang robot na may kamalayan.

Sa kabila nito, ang pananaw ni Thomas Merton sa anghel at makina ay kaiba sa modernong interpretasyon na madalas kong mabasa *online*. Sa kaniyang sanaysay na *"The Angel and the Machine",* ipinaliwanag niya na ang mga makina ay tila anghel para sa sangkatauhan sapagkat nariyan sila upang isalba ang mga tao sa oras ng lubos na nangangailangan. Ayon sa kaniya, ang mga makina ay *"ating"* anghel sapagkat tayo ang gumawa sa kanila, at sila ay nagsisilbing karugtong ng ating kalakasan at katalinuhan.

Ang mga makina, sa madaling sabi, ay ginawa upang makatulong na mabawasan ang trabaho ng mga tao, kagaya na lamang ng mga anghel na ginawa upang gumabay sa tao sa kanilang paglalakbay. Hindi sila ginawa upang palitan ang mga tao.

Nagkamali ako.

Hindi kailanman mapapalitan ng AI ang mga manlilikha. Ang kaya lamang nitong gawin ay gumaya at magbigay ng kalunos-lunos at walang kabuluhang replika na mga yaring-kamay na sining.

Ang palagi kong hinahanap-hanap sa mga binabasa at pinapanood ko ay ang pagiging makatotohanan ng mga karakter, kahit na kathang isip lamang sila o hindi kaya'y nasa genreng

pantasya. Mahalaga sa akin ang makaugnay sa mga tauhan, at ito ang basehan ko kung maganda ba o hindi ang isang piksyon. Ito rin ang hinahangaan ko sa mga manunulat; kung paano nila gawing "tao" ang isang hamak na kathang isip lamang at paano nila gawing tila galing sa tunay na buhay ang mga tampok sa kuwento. Ito, sa tingin ko, ang katangiang hinding-hindi kayang taglayin ng mga gawang AI. Paano lalapit sa katauhan ang isang bagay na nilikha upang magbigay ng perpektong sagot sa bawat utos kung ang katauhan mismo ay puno ng bahid at kamalian?

Minahal ng mga tao ang sining hindi dahil maganda ito, kung hindi dahil malapit ito sa kanila. Ang pagmamahal ko ay lagi't lagi'y kay Kafka na malapit sa akin at sa likas kong pagiging mapag-isa at malayo, kay Camus na sumusulat ukol sa kawalan ng kabuluhan ng buhay, sa bandang Queen na nagpapaindayog sa mga nakikinig hanggang sa taong kasalukuyan, sa bandang My Chemical Romance na binigyan ako ng katiyakan na walang mali sa hindi pag-ayon sa karamihan, kay Miyazaki at ang pelikula niyang nagpapakita ng ganda ng mundo, kina Sing Shong at sa kanilang "Omniscient Readers' Viewpoint" na nagturo sa akin na ang tunay na pagmamahal ay hindi lamang romantiko, kay Urasawa at sa kanyang "20th Century Boys" na nagpapaalala sa akin na ang aktibismo ay buhay at ang pagbabago ay nasa aking kamay, at sa iba pang manlilikha na naabot ang isang labing pitong taong gulang na babae mula sa isang maliit na probinsya sa Pilipinas. Isang parangal para sa akin ang matagpuan ang mga obrang minahal at minamahal ko; walang tutulad sa inyo.

Sa huli, ang mga manlilikha ay mananatiling manlilikha, at ang mga anghel ay mananatiling istatwa lamang sa tabi ng pinagsisilbihan nitong mga tao. Sa kabilang banda, ang mga makina ay mananatiling makina kung agad na iguguhit ang mga hangganan nito bilang katulong ng sangkatauhan.  Wala ang sining kung wala ang tao; isang insulto ang AI sa buhay

mismo, hindi lamang sa sining. Pagkatapos ng lahat, hindi mapapantayan ng madaliang tahi ng isang pipitsuging makina ang ganda ng mga burda na nagmula sa mga kamay na markado ng mga kalyo at deka-dekadang kasanayan sa paghawak ng sinulid at karayom na nagtahi at bumuo ng buhay at pagkatao ng mga mananahi sa iba't ibang sulok ng mundo.